

MGA KAALAMANAN: *Transit*

Tulin ng Light Rail at Mga Safety Enhancements

Paglalarawan sa Proyekto

Ang pag-aaral sa Tulin ng Light Rail at mga Safety Enhancements ay nagrepero sa isang serye ng mga itinatampok na tulin at safety features na dinisenyo upang mapahusay ang operasyon at bisa ng light rail. Ang pag-aaral na ito ay nakapag-develop ng may konseptong mga disenyo at rekomendasyon para sa safety, tulin, at pagpapahusay sa reliability sa tatlong area ng pag-aaralan: isa sa may North First Street, isa sa Downtown San Jose, at isa pa sa ibang lugar sa sistema.

Mga Layunin ng Proyekto

- Mapahusay ang safety, mobility, at access para sa lahat ng mga bumibiyaha.
- Mapahusay ang pagbilis ng pagbiyahe at reliability ng mga transit na pasahero
- Mas maraming mapasakay sa transit
- Suportahan ang input ng komunidad at ipinatupad na paggamit ng lupa at mga patakaran sa mobility

Mga Kasalukuyang Aktibidad

- Pagpapaunlad sa paglalarawan sa proyekto, mga teknikal na pag-aaral, at may konseptong disenyo
- Pakikipag-usap sa stakeholder
- Pagpapaunlad sa mga pagbabago sa oras ng senyas sa North First Street
- Panghuling Disenyo ng Pilot Project sa Downtown San Jose
- Pagtitiyak sa pandagdag na pagpopondo

North First Street

Ang area ng proyekto ay sa may North First Street sa pagitan ng Interstate 880 (I-880) at Tasman Drive. Ang Light rail ay kasalukuyang tumatakbo ng 35 mph sa average na bilis sa haba ng North First Street na kinabibilangan ng walong light rail na istasyon sa higit sa labindalawang mga interseksyon. Ang Proyekto ay nakatuon sa priyoridad na senyas ng transit at pagpoprograma sa traffic signal. Ang mga green light ay mananatiling naka-ilaw habang ang light rail ay lumalapit sa interseksyon para mapabilis ang pagbiyahe. Ang mga traffic signal ay muling ipo-programa para maayos ang oras batay sa mga pattern sa trapiko. Ito ay magpapabawas ng oras na nananatiling naka-ilaw ang green light pagkalipas tumawid ng mga sasakyan at pedestrian sa interseksyon. Ang pag-aalis kaliwang pagkaliko sa Tasman sa North First Street at mababawasan ang oras ng paghihintay para sa light rail, mga sasakyan, at mga pedestrian. Ang planong ito ay inaayos kasama ng Lungsod ng San Jose. Ang huling rekomendasyon at disenyo ng senyas ay handang makukuha sa katapusan ng taong 2018.


Mga Pagpapahusay sa Safety sa Downtown San Jose at Pangunahing Proyekto

Ang anim na buwang pangunahing proyekto na dinevelop para mapahusay ang safety ay ipapatupad sa mga kalyeng 2nd Street sa gitna ng San Fernando at San Carlos. Ang VTA ay magsisimula nang magkabit ng ilaw, mga karatula, striping (paglalagay ng pinturang puti) sa kalye, at protective railing.

Ang layunin ay para subukan ang epektibo ng mga treatment na dinisenyo para mahikayang mga inaasahang pag-uugali ng pedestrian, bisikleta, at sasakyan na malapit sa tracks. Ang inaasahang pag-uugali ay maaaring magbawas sa mga posibleng mga pagkakasalungatan at mapahusay ang operasyon ng light rail sa downtown. Ang mga treatment ay tatasahin rin para sa di direktang mga epekto tulad ng maintenance at pagkakaisa sa kabuuang anyo ng transit mall. Ang effectiveness treatment ay mananatili at

Pagpapatuloy

VTA Light Rail Speed and Safety Enhancements



lumaon ay ipapataw sa mas maraming mga area ng transit mall bilang unang hakbang para mapahusay ang mga tulin ng operasyon.

Slow Speed Analysis

Ang ilang mga lokasyon sa buong light rail system na maaaring makatakbo nang mas matulin. Pinag-aaralan ng VTA ang iba't ibang mga lokasyon at bumubuo ng mga listahan ng posibleng proyekto na magpapahusay sa tulin at reliability ng tren. Ang mga proyektong ito ay karaniwang kinabibilangan ng mga pagbabago sa oras ng senyas, mga pagbabago sa mga kasalukuyang operasyon, at minor na pagpapahusay sa imprastraktura.

Schedule ng Proyekto

Disenyo ng North First Street

Makukumpleto sa huling parte ng 2018

Pangunahing Proyekto ng Downtown San Jose

Huling parte ng 2018 – Hunyo 2019

Slow Speed Zone Analysis Study

Nagpapatuloy

How to Reach Us

Para sa karagdagang impormasyon sa proyektong ito, mangyari lang tumawag sa Community Outreach ng VTA sa (408) 321-7575, TTY para sa may kahinaan sa pandinig sa (408) 321-2330. Maaari rin kayong bumisita sa amin website sa vta.org/lrspeedsafety.